
1

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan-Modyul 9: Pagpapaikli ng mga Panghalip



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 9: Pagpapaikli ng mga Panghalip**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rydel Lou A. Tangonan
**Editor:** Julie Joy C. Santos, Mark-Jhon R. Prestoza, Jun-Jun R. Ramos
Lorilai D. Ayuman
Gay M. Perico
Richelle S. Uy
**Tagasuri:** Leny N. Lucero
Bengielyn R. Gaya
**Tagaguhit:** Rydel Lou A. Tangonan
**Tagalapat:** Rydel Lou A. Tangonan
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
**Tagapamahal:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Romel B. Costales
Rizalino G. Caronan
James Pamittan
Rodrigo V. Pascua
Marietess B. Baquiran
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region 02**

Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan -Modyul 9:
## Pagpapaikli ng mga Panghalip

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaralkahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda at isinulat para malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral at higit na matuto sa asignaturang Mother Tongue sa unang baitang.


Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang matutuhan ng mga bata ang wastong pagpapaikli ng panghalip.

## *Subukin*

Piliin ang tamang larawan na isinasaad ng bawat pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa kuwaderno.


______1. Ang pangalan ko ay Mario. Ako'y mahilig magbisikleta.

a. 

b. 

c. 

______2. Ako si Ben at siya si Bea, kami'y kambal.

a. 


b. 

c. 


_____3. Ako si Lea, ang bagong mag-aaral dito. Ako'y nagagalak na makilala ka.

a. 

b. 

c. 

_____4. Ako'y madalas na isama ni lolo sa pamamasyal.

a. 

b. 

c. 

_____5. Kaarawan ni Marisa kahapon. Siya'y niregaluhan ko ng keyk.

a. 



b. 

c. 

| Aralin 9 | Pagpapaikli ng mga Panghalip |
|---|---|

Maaaring gamitin ang mga pinaikling panghalip sa pangungusap.

Halina at ating pag-aralan ang wastong pagpapaikli ng mga ito upang magamit natin sa pagbuo ng pangungusap.



## *Balikan*

Hanapin ang mga panghalip. Ang mga panghalip ay nakasulat nang pahiga(→)pababa(↓), o pahilis (↘). Kopyahin ang sagot sa kuwaderno.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | K | O | P | S | N | Y | K |
| I | S | D | K | I | I | E | A |
| S | Y | N | A | L | N | I | N |
| I | T | A | S | A | Y | T | I |
| T | V | N | N | D | O | M | L |
| O | K | A | N | I | Y | A | A |
| S | I | Y | A | T | A | Y | O |
| A | T | I | N | S | I | N | A |

***Mga Tala para sa Guro***

Ang panghalip ay panghalili o pamalit sa pangngalan. Maaari itong paikliin sa pamamagitan ng pagdadagdag ng kudlit sa itaas at titik *y* para sa mga panghalip na nagtatapos sa patinig.

# *Tuklasin*

Pakinggang mabuti ang tulang babasahin ng magulang o ate at kuya. Tukuyin ang mga pinaikling panghalip mula sa tula. Isulat ang mga panghalip sa kuwaderno.

***Kami'y Mga Kaibigan***

Kami'y iyong gamit sa paaralan
Sa pag-aaral mo'y iyong kailangan,
Sa bag mo kami'y di mawawala
Kung ika'y maingat at di pabaya.

Ngayon naman, ika'y dumako
Sa mahaba at matulis kong anyo,
Munti mang lapis, ako'y ingatan mo
Upang sa pagsulat hindi ka mahihinto.

Papel na ako'y iyong sinusulatan
Ng maganda mong apelyido't pangalan,
Ayusin ang sulat aking kaibigan
Upang tayo'y laging masisiyahan.

## *Suriin*

Basahin ang mga salita na nasa kahon sa tulong ng iyong nanay. Tukuyin ang mga wastong pinaikling panghalip at isulat ang mga sagot sa kuwaderno.

| | |
|---|---|
| tayo'y | amin |
| ako ay | siya ay |
| iyon | sila'y |
| diyan | kayo'y |
| ito'y | kami'y |
| tayo ay | doon |

## *Pagyamanin*

Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Hanapin ang mga pinaikling panghalip at isulat ang mga ito sa kuwaderno.

1. Ako'y kumakain ng almusal bago pumasok sa paaralan.



2. Dumating na ang mga bagongpadala ni nanay. Ito'y paghahati-hatian naming magkakapatid.



3. Matalik na magkaibigan sina Roy at Ken. Sila'y laging nagtutulungan.




4. Mabait na punong-guro si Ginoong Roberto. Siya'y malapit sa mga mag-aaral.



5. Sa karinderya ni Aling Josie laging kumakain ang magkaibigang Julie at Joy. Sila'y masayang nagkukuwentuhan habang kumakain.



6. Bagong guro si Bb. Reyes. Siya'y masipag at mabait na guro.



7. Kaarawan ni Berto kahapon at siya’y niregaluhan ng kanyang ina.Ito’y isang bagong bag.



8. Mapagbigay na bata si Alice. Siya’y maraming kaibigan sa kanilang paaralan.



9. May bagong damit si Marissa. Ito’y kaniyang isinusuot tuwing magsisimba.



10. Pumunta ang magkapatid na Ana at Ben sa probinsya. Sila’y bumisita sa kanilang Lola Belen.



## *Isaisip*

- Ang **panghalip** ay ang salitang panghalili o pamalit sa pangngalan.
- May ilang **uri ng panghalip**. Halimbawa nito ay **panghalip panao**, gaya ng: ako, ikaw, tayo, sila, siya.
- May wastong paraan ng pagpapaikli sa mgapanghalip.
- Ang mga panghalip na nagtatapos sa **patinig** ay dadagdagan lamang ng kudlit sa itaas (‘) at susundan ng pinaikling **ay** na (**y**).

  Halimbawa:

  1. ako ay - ako’y
  2. tayo ay - tayo’y
  3. ikaw ay - ika’y
  4. sila ay - sila’y
  5. kayo ay - kayo’y



## *Isagawa*

Punan ng pinaikling panghalip ang mga patlang sa hanay A. Hanapin ang sagot sa hanay B at kopyahin angletra ng tamang sagot sa kuwaderno.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Kumain ka na at_______papasok nang maaga sa paaralan. | a. Tayo'y |
| 2. ______kumain ng masustansyangpagkain. | b. ika'y |
| 3. Nang_______magising, nakaalisna ang lahat. | c. ako'y |
| 4. ______sumali sa pagtatanim ng mga puno sa aming barangay. | d. Kayo'y |
| 5. ________maglinis sa inyong paligid upang sariwa ang hanginna inyong malalanghap. | e. siya'y |
| 6. Maasahan ang batang si Jane.________ laging nakaalalay sa kanyang nakababatang kapatid . | g. Siya'y |
| 7. Inamin ni Loren na siya ang nakabasag ng baso. ____________ matapat na bata. | f. Siya |

8. Masayang nagbahagian ng ideya ang pangkat nila Roy. ______ nagtutulungan upang matapos ang kanilang proyekto.

g. Ito'y

9. Paborito ni Dan ang sorbetes. _______ lagi niyang inaabangan sa hapon.

h. Siya'y

10. Paborito ni Jona ang magpunta sa silid-aklatan. _______ laging nakakahanap ng mga magagandang babasahin.

i. Sila'y

# *Tayahin*

Sa tulong ng mga larawan, pilliin ang mga angkop na pinaikling panghalip mula sa mga pangungusap. Isulat ang letra ng iyong sagot sa kuwaderno.



1. "Apo, tunay ngang ____ maaasahan. Salamat sa pag-alalay mo sa akin."
   a. ikaw ay   b. ika'y   c. ikaw'y




2. Nagbibigay ng makakain sa mga pulubi si Ambo. _______________ matulungin na bata.

   a. Sila'y   b. Siya'y   c. Sina



3. Halika Joey, ________ maglilinis sa bakuran.

   a. tayo'y   b. kami'y   c. sila'y



4. ______ magliligpit ng aming pinaghigaan. Ito ang bilin ni inay.
   a. Ako ay   b. Ako'y   c. Ako at



5. Nakapulot ng pitaka si Boyet. _______________ ibinigay niya sa kanyang guro.
   a. Ito'y   b. Tayo'y   c. Dito'y

6. Nakakuha ng mataas na marka sa pagsusulit si Amy. _______________________ nag-aral ng kanyang aralin.
   a. Ako’y b. Siya’y c. Ika’y




7. May pagsusulit kami bukas. ____________ nag-aaral ng aming aralin ngayon.
   a. Kami’y b. Ako’y c. Kayo’y



8. Nagluto ng adobo si ate. ______________ nagustuhan naming lahat.
   a. Dito’y b. Ito’y c. Ika’y



9. __________ magsipilyo ng ngipin pagkatapos kumain upang hindi itomasira.
   a. Kami’y b. Tayo’y c. Sila’y



10. Nagpunta ng palengke sina Karen atJomel. . bumili ng mga prutas para sa kanilang lola.
   a. Dito’y b. Sila’y c. Kanila’y



# *Karagdagang Gawain*

Pakinggang mabuti ang nanay habang binabasa ang pag-uusap ng mga magkakaibigan. Pagkatapos ay kopyahin ang angkop na pinaikling panghalip.

1.




2.



3.


Nagpunta kami sa ilog ngmga pinsan ko sa probinsya. **(Kami'y, Sila'y)** nanghuli ng mga isda. Ang saya-saya!
Kumusta naman ang bakasyon ninyo?

4.


Ito si Ana ang kapatid ko. **(Siya'y, Ika'y)** bago dito sa ating paaralan.
Kami'y nagagalak na makilala ka Ana.

5.


**(Tayo’y, Kami’y)** pinapatawag ni Bb. Joy. Sisimulan na raw natin ang bagong proyekto.
Sige! Tara na para mataposna natin ang proyekto.

# Susi sa Pagwawasto

**Suriin**

1. Tayo'y
2. Ito'y
3. Sila'y
4. Kayo'y
5. Kami'y

**Balikan**

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | K | O | P | S | N | Y | K |
| I | S | D | K | I | I | E | A |
| s | Y | N | A | L | N | I | N |
| I | T | A | S | A | Y | T | I |
| T | V | N | N | D | O | M | L |
| O | K | A | N | I | Y | A | A |
| S | I | Y | A | T | A | Y | O |
| A | T | I | N | S | I | N | A |

**Subukin**

1. B
2. B
3. A
4. A
5. A

**Isagawa**

1. B
2. A
3. D
4. C
5. F
6. E
7. G
8. J
9. H
10. I

**Pagyamanin**

1. Ako'y
2. Ito'y
3. Sila'y
4. Siya'y
5. Sila'y
6. Siya'y
7. Ito'y
8. Siya'y
9. Ito'y
10. Sila'y

**Tayahin**

1. B
2. B
3. A
4. B
5. A
6. B
7. A
8. B
9. B
10. B

**Karagdagang Gawain**

1. Ako'y
2. Tayo'y
3. Kami'y
4. Siya'y
5. Tayo'y

# *Sanggunian*


Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph